

Pagsasanay sa Filipino

Pangalan _____ Petsa _____ Marka _____

Pagkilala sa Pangatnig

Kakayahan: Natutukoy ang pangatnig sa pangungusap

Ikahon ang pangatnig sa bawat pangungusap.

1. Naghahabulan sa bakuran ang aso at pusa ni Hannah.
2. Maraming kaibigan si Dianne dahil lagi mong maaasahan ang tulong niya.
3. Kumukulo na ang tiyan ko sa gutom ngunit hindi pa luto ang paborito kong ulam.
4. Kakain ka pa ba ng tsampurado o busog ka na?
5. Gusto ko nang umuwi pero hindi pa dumarating ang sundo ko.
6. Maganda ang bestidang suot mo subalit hindi bagay ang sapatos na iyan sa bestida.
7. Gigising ako nang maaga bukas para maumpisahan ko na ang labada.
8. Dinala namin si Tricia sa klinika at pinatingin namin siya sa doktor.
9. Nagluluto ng adobong baboy si Ate Rowena habang nagsasaing si Nanay.
10. Mas mainam na tumawag ka ulit mamayang alas-otso kung nais mo siyang makausap.
11. Hindi matutuloy ang lakbay-aral natin sa Biyernes sapagka't may parating na malakas na bagyo sa ating lalawigan.
12. Ano ang gustong inumin ni Lolo Pedro, mainit na kape o tsaa?
13. Nais kong sumama sa inyo sa *mall* subalit kailangan kong tapusin ang proyekto ko.
14. Mataas ang lagnat ni Maria kaya tinawagan ni Bb. Garcia ang kanyang mga magulang.
15. Si Gemma ay nag-aaral nang mabuti upang siya ang maging unang miyembro sa kanyang pamilya na makatapos ng kolehiyo.